Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Oktubre 6, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 203 , s. 1983

IKALABINLIMANG PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA PILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Ang ika-15 Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Pilipino, sa pagtataguyod ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kawanihan ng Lalong Mataas na Edukasyon, Surian ng Wikang Pambansa, Sangay ng Camarines Sur, Sangay ng Lungsod ng Naga, at ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid ng Pilipino (PASATAP), ay idaraos sa Enero 22-28, 1984 sa Lungsod ng Naga.

2. Ang paksang-diwa ng gawaing-kapulungan ay "Wika at Ideolohiyang Pilipino sa Pambansang Edukasyon."

3. Pagkatapos ng limang araw na gawaing-kapulungang ito, inaasahang ang mga dadalo ay:

a. makauunawa at makapagpapahalaga sa kahulugan, simulain at saklaw ng Ideolohiyang Pilipino;

(1) makatatalakay at makagagamit ng iba't ibang istratehiya sa pagpapalaganap ng Ideolohiyang Pilipino sa larangan ng edukasyon at sa iba pang sektor ng buhay-Pilipino;

(2) makagagamit nang mabisa sa mga istratehiya sa magkasanib na pagtuturo ng aper na kasanayan sa wika at mga kaisipang nauukol sa Ideolohiyang Pilipino;

(3) makagagamit ng mga istratehiyang makapagpapalaganap sa Ideolohiyang Pilipino sa pagtuturo ng Sibika at Kultura sa Elementarya, Araling Panlipunan sa Sekundarya at Agham Panlipunan sa Tersyarya

(4) makapagpapamalas ng iba't ibang istratehiyang lilinang sa kasanayan sa pag-unawa at pagpapahayag nang pasalita at pasulat sa mga kaisipang nauukol sa Ideolohiyang Pilipino;

b. makatatalakay at makagagamit ng wikang Pilipino (bilang nukleus ng nalilinang na wikang Pilipino) bilang mabisang midyum ng pagpapalaganap ng Ideolohiyang Pilipino sa loob at sa labas ng paaralan; at

c. makapaghahanda ng mga halimbawang kagamitan, babasahin, at iba pang pantulong sa pagpapalaganap ng Ideolohiyang Pilipino.

4. Ang lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Pilipino, ang mga puno ng kagawaran ng Pilipino o sino mang hihiranging kinatawan sa mga paaralang sekundarya, kolehiyo at unibersidad maging pampamahalaan o pribado; mga superbisor ng iba't ibang asignaturang ginagamitan ng Pilipino bilang wikang panturo, mga miyembro ng Kapisanan ng mga Propesor at Guro ng Pilipino (KAPPIL), gayon din ang mga dating tagamasid/tagapag-ugnay sa Pilipino na kasalukuyang nakatalaga sa iba't ibang lawak/tungkulin at ang mga nagretiro na ang dapat dumalo sa kapulungang ito.

5. Mangyaring ipasagot sa tagamasid/tagapag-ugnay ng rehiyon/sangay o puno ng Kagawaran ng Pilipino sa sekundarya, kolehiyo o unibersidad, mga miyembro ng KAPPIL, at dating mga tagamasid/tagapag-ugnay ang kalakip na Papel ng Pagrerehistro at ipabalik kay Dr. Pablo E. Natividad, Puno ng Curriculum Development Division, Bureau of Elementary Education, MECS, Arroceros, Maynila, bago dumating ang huling araw ng Disyembre, 1983, upang matiyak ang bilang ng lahat ng kinatawang dadalo.

6. Mangyaring ipabatid sa mga dadalong kinatawan ang mga sumusunod:

a. mga babasahin at sanggunian nagagamit sa pagtalakay sa Ideolohiyang Pilipino;

b. nakasulat na paninindigan tungkol sa Pilipino bilang nukleo ng Filipino at midyum ng pagpapalaganap ng Ideolohiyang Pilipino;

k. mga babasahin at sanggunian sa paghahanda ng mga kagamitang pangkurikulum at mga pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng Ideolohiyang Pilipino; at

d. nakasulat na paninindigan sa kung alin-aling asignaturang pang-elementarya, panghaiskul at pangkolehiyo maaaring maisanib o mailakip ang pagtuturo ng Ideolohiya, gayon din sa iba't ibang larangan sa labas ng paaralan.

7. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng pagtutuos at paghawdit ang ibabayad na apat-na-raan (P400.00) ng bawat kinatawan para sa mga "handouts," akomodasyon at pagkain sa loob ng limang (5) araw; at manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol para sa transportasyon papunta sa Lungsod ng Naga at pabalik sa sariling rehiyon/dibisyon/paaralan o kolehiyo/pamantasan.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian:
Memorandum Pangministri: Blg. 4, s. 1981

Pamamudmod: 1-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
Course of Study, COLLEGIATE
Course of Study, ELEMENTARY
Course of Study, SECONDARY
LANGUAGE
OFFICIALS
SEMINAR
SOCIETY or ASSOCIATIONS